Buwis sa pagbebenta – batay sa destinasyon/patutunguhan

(PAGBABAGO NG BUWIS SA PAGBEBENTA AYON SA PAGPAPAPADALA NG PRODUKTO SA LOOB AT LABAS NG "STATE OF WASHINGTON" AY ISASAKATUPARAN NA SA HULYO 1, 2008)

Kasaysayan (Background)

Bakit Isasakatuparan ang Buwis sa Pagbebenta Batay sa Kung Saan Patutungo/Destinasyon o Ipapadala Ang Pinamiling Produkto?
Ang mga kalakal o negosyo dito sa "Washington State" ay nalulugi dahil sa maraming mangangalakal sa labas ng Washington na hindi nangongolekta ng buwis sa pagbebenta.

Ang mga mangangalakal sa labas ng "Washington" na nagbebenta ng isahan o tingi (retailers) ay nakalalamang kumpara sa mangangalakal dito sa loob ng "Washington" dahil hindi sila naniningil ng buwis sa pagbebenta. Ang mangangalakal dito sa Washington ay nagsisilbing tagapakita lamang ng mga produkto na puwedeng bilhin sa pamamagitan ng (mail order) pagbili ng produkto sa pamamagitan ng sulat o paggamit ng "internet." Kapag alam na ng mga mamimili ang bibilhin mas gusto nilang bumili "online" o pagsulat "mail order." Isang paraan ito para makaiwas sa pagbabayad ng buwis sa pagbebenta (sales tax).

Isang pambansang pagtataguyod ang isinagawa upang masugpo ang pag-iwas sa pagbabayad ng buwis sa pagbebenta. Ang kampanya ay tungkol sa "Streamline Sales and/or Use Tax Agreement" na nagpasimple at ginawang patas ang paniningil ng buwis sa pagbebenta (sales tax) ng bawat "member states" dito sa Estados Unidos. Nagsilbing gabay ang kasunduan na ito upang maging mas madali para sa mga mangangalakal ng isahan o tingi (retailers) ang pagbubuwis sa kanilang mga mamimili.

Upang makasali sa pambansang pagtataguyod na ito, binago ng Washington State" ang paraan ng pangongolekta nila ng buwis sa pagbebenta (sales tax).

Dagdag na Kaalaman (Learn More)

Bilang karagdagang kaalaman, magtungo lamang sa aming "website" sa www.destinationtax.dor.wa.gov. Huwag mag-atubiling mag-rehistro (register/sign-up) upang makatanggap ng panibagong kaalaman (information). Maari ring tumawag sa 1-800-647-7706.

Department of **Revenue**
Washington State

Ano ang pagbabago para sa mga negosyanteng/mangangalakal na nakatira sa "Washington" at nagbebenta ng isahan o tingi (retailers)?

Ayon sa kasalukuyang batas, ang buwis sa pagbebenta (sales tax) ay batay sa kung saan nakapuwesto o kung saan ang lokasyon ng tindahan ng mga produktong binibili. Hindi nito isinasaalang-alang kung saan dadalhin ang pinamiling produkto ng mamimili. Substitute Senate Bill 5089.

Sa Hulyo 1, 2008, ang mga mangangalakal/negosyante na nagbebenta ng isahan o tingi (retailers) ay kinakailangang pagbatayan ang lokasyon kung saan ipapadala ang napamiling produkto. Kailangan nilang mangolekta ng buwis batay sa kung saan ipadadala ang mga produktong nabenta sa loob ng Washington. Halimbawa, kung ang Darrington na residente ay bumili ng upuan sa isang tindahan ng kasangkapan sa Bothell, Washington at nakiusap na ipadala ang nasabing upuan sa bahay niya sa lungsod ng Darrington, ang buwis sa pagbebenta ay magiging batay sa halaga ng buwis sa lungsod ng Darrington. Ang kita sa buwis ng pagbebenta (local sales tax revenue) ay mapupunta sa lungsod ng Darrington kahit na ang tindahan ng pinagbilhan ng produkto ay matatagpuan sa Bothell.

Ang buwis sa pagbebenta na itinalaga batay sa patutunguhan ng produkto ay isang pagbabago para sa mga mangangalakal/negosyante na nagpapadala ng produkto sa loob at labas ng Washington. Walang pagbabagong magaganap para sa mga produktong nabibili sa loob mismo ng tindahan (over-the-counter sales) kung saan ang mga mamimili ay kaagad nakukuha ang pinamili at hindi na kailangang makipag-ayos para ipadala ang napamili sa kanilang bahay o ibang lokasyon. Hindi rin binago ang pamantayan sa pagbebenta ng produkto sa labas ng Washington (out of state sales).

Ang ibang kalakal o negosyo ay hindi magkakaroon ng pagbabago.

Kung ikaw ay mangangalakal o negosyante na hindi gumagawa ng paghahatid o pagpapadala ng mga produkto sa loob o labas ng Washington, ang iyong negosyo ay mananatili sa dati. Ang mga pagbebenta na hindi apektado sa pagbabagong isasagawa ay ang sumusunod:

- Pakyawan/Pangmaramihang Pagbebenta (Wholesale Sales).
- Karamihan sa Kalakal sa Paglilingkod o Serbisyo (Service Oriented Businesses).
- Pagbebenta ng Sasakyang may Makina (Sale of Motor Vehicles), Trailers, Semi-Trailers, Modular Homes, Manufactured Homes (Bahay na Gawa na at Itatayo na Lang), Mobile Homes (Bahay na puwedeng ilipat ng lugar).

Tulong

Ang Department of Revenue (DOR) ay nakikipagtulungan sa mga mangangalakal o negosyanteng naapektuhan ng bagong pamantayan na ito. Lahat ay sama samang nagtutulungan upang makabuo ng mabisang impormasyon at pamamaraan upang mapadali ang pagsasakatuparan ng paglipat sa pagbubuwis batay sa pinagmulan ng pagbebenta (destination sourcing).

Kaagapay ng pamantayan na ito ay:

- Lubos na paggamit ng "internet" o "web."
- Pagpapadala ng impormasyon sa pamamagitan ng sulat.
- Pagpapalitan ng Kuro-Kuro / Pagdidiskusyon.

Ang mga maliliit na kalakal o negosyo na may tiyak na porsyento sa pagpapadala (deliveries) sa labas ng kanilang nasasakupang lugar (outside their home jurisdiction) at kumikita ng humigit kumulang sa limang daang libong dolyar ($500,000.00) ay maaaring makakuha ng isang libong dolyar ($1,000.00) na bawas sa kaukulang buwis na babayaran o dalawang taong libreng pagsangguni sa mga kumpanyang binigyan ng kapangyarihan ng pamahalaan na magbigay ng libreng paglilingkod (free service). Ang layunin ng mga kumpanyang ito ay tulungan ang mga negosyante para maisakatuparan ng maayos ang bagong batas sa buwis.